

1

“Dude, you got dumped again?”

Tiningnan lang ni Andrew del Torro ang kaibigang si Jason, nagkibit-balikat, saka sumandal sa railings ng rooftop ng *Del Torro Corp.*, ang malaking local pharmaceutical company na pagmamay-ari ng pamilya ng binata.

“Yeah, apparently,” aniya saka naghikab.

“Ano na nama’ng ginawa mo ngayon, ha?” Si Edison, ang junior accountant ng kompanya; may dala itong kape at nakasandal din sa terrace. It was Monday morning at gaya ng inaasahan niya, natagpuan niya sa fire escape ang dalawang kaibigan since high school, umiinom ng kape para maibsan kahit paano ang hangover at puyat mula sa pagpa-party noong nakaraang gabi.

“Nothing awful,” sagot niya ngunit inikutan lang siya ng mata ng dalawang lalaki.

“Yeah right,” ani Jason. “Sabihin mo....” Natigil sa pagsasalita ang kaibigan nang may mahagilap na kung ano mula sa grounds ng building.

The Bet - Dior Madrigal

“Dude, she’s here!” Excited na siniko nito ang tiyan ni Edison.

Ngumiti ang junior accountant. “Okay, so sino’ng mauuna?” game na tanong nito.

“Sabay na lang tayo para mas may challenge,” nakangising sagot ni Jason.

Napakunot-noo si Andrew at sinundan ang tinitingnan ng dalawang kaibigan. Isang babaeng naka-black pencil-cut skirt at white polo ang nakita niyang umaakyat sa hagdanan ng main entrance ng building.

“Ano ’to, nagpupustahan ba kayo?” nakakunot-noo pa rin niyang tanong. Jason rolled his eyes.

“Hindi, sinisilip namin ang underwear niya.” Tumawa si Edison. “Ano ba? Saang planeta ka ba nagpunta? Obvious bang nagpupustahan kami?”

Lalong lumalim ang kunot-noo ni Andrew. “How come hindi ako kasali?”

“Kasi akala namin may girlfriend ka pa,” turan ng junior accountant.

“Yeah right, at kailan pa naging rason ’yon para di ako sumama sa pustahan?” tanong niyang bahagyang nagulat.

The Bet - Dior Madrigal

Jason waved his hands. “Yeah, yeah, we know. Kaya lang kasi, Pare, finally na-realize naming di masaya kapag kasama ka sa pustahan.”

“Oo nga,” sang-ayon ni Edison. “Isa pa, balita namin sa ’yo ibinigay ‘yong project para sa bagong product na ilalabas, ah. Magiging busy ka na, Pare, kaya ’wag ka nang sumawsaw sa ’min, okay?”

“With your luck, you just might get the girl again this time,” bulong ni Jason.

He scoffed. “Ano ba’ng magagawa ko, sa magaling talaga ’ko?”

“Yeah, sure. You’re so great that’s why you always get dumped.” Si Edison.

He rolled his eyes. “They’re just overly sentimental. What’s the big deal kung nakalimutan ko ang birthdays nila?”

Matabang na tiningnan siya ng dalawa. Pagkatapos ay inakbayan siya ni Jason at sinabing, “Doofus, majority ng tao magtatampo kapag ‘yong partner nila ay nakalimot ng birthday nila, o anniversary. Ikaw malala ka, pati date ninyo nakakalimutan mo. ”Tapos after a month, pati pangalan ng ex mo, nakakalimutan mo na rin. May sayad ka, Pare.”

The Bet - Dior Madrigal

Napakunot-noo si Andrew. “So? Bakit sa ’kin, okay lang? I don’t mind kung makalimutan nila ang birthday ko. I don’t even mind if they forget my name after a month of separation,” aniya.

“Exemption ka, kasi nga abnoy ka,” ngisi ni Edison.

“No, mature lang ako.”

“More like heartless,” sulsol ni Jason. He rolled his eyes.

“Yeah, right. At napakabuti n’yo kasing tao.”
Ininom niya ang natitirang laman ng bottled green tea. “So sino ba ang target ng bet n’yo ngayon, mga sugo ng langit?”

“The Ice Queen.” Ang lapad ng ngiti ni Jason.

He frowned. “The Ice Queen?”

Bumuntong-hininga ang dalawa. “Si Elizabeth Carpio, ano ka ba! Kasama siya sa department mo, hindi mo siya kilala?” Si Jason pa rin.

Nagkibit-balikat siya. “Well, one month pa lang naman ako.”

“Yeah, one month at sa ’yo agad ibinigay ang project,” pumalatak si Edison. “Iba na talaga ang

anak ng may-ari.”

“Why do I get the feeling that you two are ganging up on me?” he asked drily.

Tumawa ang dalawa. “That’s because we are ganging up on you.”

Hindi na niya pinansin ang dalawa at sa halip, nanahimik nang ilang minuto habang binibigyan ng mukha ang pangalan ni Elizabeth Carpio, at nang mahagilap niya ang mukha sa isip, natawa siya nang maiksi.

“Si Elizabeth Carpio? You mean ‘yong plain girl na mahaba ang buhok?” Napailing siya. “Okay. So maybe she doesn’t look so bad, maybe she’s even pretty... but don’t you think bumaba ang standards n’yo? Usually, hot modelesque babes ang target ng bet natin, ah.”

Jason huffed. “Well, whoever said na dapat modelesque type lang ang target ng mga bets? We should not discriminate! Dapat pati mga simple at normal na babae rin pinagpupustahan!”

Tumango si Edison. “Amen,” anito pa. “Ang theme for this month’s bet is ‘get a plain girl to date you!’”

“Wow, how original. Alam n’yo bang marami

The Bet - Dior Madrigal

nang movies ang gumawa niyan?” He smirked pagkatapos ay napailing. Bored talaga ang mga ito. Nagkibit-balikat siya. “Okay, I’m in.” Hinagis niya ang wala nang lamang bote ng green tea sa basurahan. “Give me one month, I’ll probably have her date me then.” Naglakad na siya paalis ng rooftop.

Elizabeth Carpio was an average girl-next-door. May hitsura ito, maybe even pretty, with her shoulder-length hair, smooth caramel skin and big brown eyes. Petite ito, marahil mga five feet or five one, okay lang manamit, medyo parang manang, nothing flashy. In short, she was nothing special, isang Plain Jane lang.

Napailing si Andrew. It was lunch break at nasa cafeteria ang karamihan ng empleyado ng kompanya. Naglakad siya kung saan nakaupo ang dalaga. Napagdesisyunan niya na ngayong lunch break ang pinakatamang oras para lapitan ito. Thankfully, nag-iisa ito sa upuan. Mukhang ito ang naatasang magbantay sa table habang umo-order ang mga kasama nito.

He sauntered confidently toward her.

Kailan ba mula noong huling pagpustahan nila ang isang plain na babaeng tulad ni Elizabeth Carpio?

High school pa yata.

He smiled at the memory. Sa pagkakaalala niya, taliwas sa paniniwala ng nakararami, plain girls were actually the easiest to get. Hindi kagaya ng mga maldita at bitchy na hot babes, madaling ma-starstruck ang mga Plain Janes kapag nilapitan ng mga kagaya niya. Para itong dream come true sa mga babaeng gaya ni Elizabeth—a fairy tale from books, ang prinsipal at ang ordinaryong babae. It was *Hollywood* material since time immemorial. Isang ngiti, kaunting papuri at bumibigay na agad ang mga ito. That was fine by him. He loved things nice and easy, nawawalan siya ng gana kapag pa-hard to get ang babae.

He flashed his charming smile nang makalapit sa table nito. “Hi,” bati niya sa dalaga.

Nagtaas ito ng tingin mula sa binabasang libro and as if on cue, bahagyang nanlaki ang mga mata nito nang makita siya.

Napapalatak siya sa sarili. *See?* Starstruck sa kaguwapuhan niya, check! Umupo siya sa tabi nito bago pa ito makapagsalita. Tinitigan niya ito nang malagkit.

In close up, she was actually quite pretty. Kung

The Bet - Dior Madrigal

aayusan nang tama, magdadamit nang tama at ilulugay nito ang buhok, magiging passable na rin siguro.

Napabuntong-hininga siya. But oh well, time to play the game.

“What are you reading?” tanong niya. The book was bounded in plain black leather. Imbis na sagutin, nagbaba ito ng tingin at sinubsob ang mukha sa libro.

Natawa siya nang maiksi sa sarili. Para itong cute na kuting na biglang nagtago dahil sa hiya.

He tilted his head to one side as he studied her. “Hey, it’s rude to ignore people when they’re talking to you.”

“Please leave, pinagtitinginan na tayo,” mahina nitong sabi.

Napabuntong-hininga siya. He found shy girls really cute.

“I’ll leave, if you promise to date me.” Direct to the point agad siya.

Ibinaba nito ang libro at dahan-dahang itinaas ang tingin sa kanya. Nagtama ang mga mata nila. At gusto niya uling mapabuntong-hininga.

The Bet - Dior Madrigal

Sa dami ng karanasan niya, by now, saulo na niya ang susunod na mangyayayari. Mamumula ito at mauutal, she would stutter in disbelief, asking him the age-old line: “*W-why me? Marami namang ibang mas magandang babae, bakit ako ang napili mo?*” Napangiti na lang siya sa sarili.

“W-why me?” narinig niyang sabi nito. “Ang dami namang ibang magandang babae d’yan, bakit ako?”

Kinagat niya ang loob ng labi para pigilan ang pagtawa. Girls, they were so predicta—

“Akala mo ba talaga iyon ang sasabihin ko?” asik nito sa kanya sabay hampas ng libro sa mesa.

Natigilan siya at lumipad ang tingin sa dalaga. Her glare could pulverize a diamond. She was looking at him as if she wanted to bash the heavy book in his head repeatedly until his brains spilled out.

Naguguluhang napatitig lang siya sa dalaga, di-makapaniwala sa tindi ng poot na nanggagaling sa mga mata nito, hindi malaman kung saan siya nagkamali. At talaga naman, ang laki ng pagkakamali niya.

Para kay Elizabeth Carpio, si Andrew Del Torro

ang epitome ng lahat ng bagay na kinamumuhian niya—guwapo, matangkad, mayaman, matalino at hindi siya magugulat kapag nalamang pati utot nito ay mabango. He was the walking personified version of the word ‘unfair’.

She glared bitterly at the handsome man in front of her. Marinig lang ang pangalan ng binata ay kumukulo na ang dugo niya.

Si Andrew Del Torro—ang guwapo, mayaman at may PhD na anak ng may-ari ng *Del Torro Corp.* Isang buwan pa lang ito pero sa pagkakarinig niya, dito ibibigay ang project para sa bagong produktong ilalabas ng kompanya. At siya? Ayon sa mga balita, siya ang gagawing glorified alalay ng binata.

Gusto niyang tumili at pukpukin ito ng libro.

F*king son of a b*tch, she was here first! Sampung taon na siyang naroon mula pa nang mag-part-time job siya bilang encoder noong eighteen years old siya. Ngayong mukhang magre-resign na ang kanilang antigong Marketing Head, umaasa siyang siya ang makakakuha ng posisyon, at ang bagong project na iyon ang daan. But Andrew Del Torro just had to come and ruin it all for her. Worse, he wasn’t even trying. Dumating lang ito, nagpa-cute at hayun, binagsak dito ng langit ang project na pinakaasam-asam niya.

The Bet - Dior Madrigal

Halos ngatngatin niya ang hawak na libro sa kawalan ng hustisya sa mundo. Bakit? *Why, oh, f*cking why?*

Dahil ba *Ateneo* alumni ito at siya ay *PUP* graduate lang? Dahil ba may PhD ito at siya ay wala pa? Dahil ba twenty-four lang ito at siya ay twenty-eight na? Dahil ba lalaki ito at babae siya?

Nagngalit ang mga ngipin niya. She really hated this man. At ngayon, heto ito, nasa harapan niya, tinatanong kung gusto niyang maka-date ito. Gusto niyang humalakhak nang malakas. It was a bet, sigurado siya roon. For crying out loud, everything screamed of a bet. Akala ba talaga nito, may babae pang magogoyo noon?

“What is wrong with you men?” Her tone was icy. “Bakit ba ang bagal mag-evolve ng mga utak n’yo? Is it a genetic failure? Ilang taon ka na ba? Hanggang ngayon ba, pustahan pa rin ang past time n’yo?”

He looked stunned. “Uh... I think you got it wrong—”

“Oh, really?” She laughed derisively. “Let’s see, enter the playboy, Andrew Del Torro, ang anak ng may-ari, ang drop-dead gorgeous at super popular hunk executive ng kompanya. Ngayon, enter the

The Bet - Dior Madrigal

plain girl Elizabeth Carpio, ang isang hardworking na empleyado ng kompanya. Ngayon, sa kung anong dahilan, bigla siyang nilapitan ng hunk playboy na noon ay hindi yata alam na humihinga siya sa planetang Earth—which was stupid since pareho sila ng department—then all of a sudden, he talks to her, asking her out on a date.” She leaned forward and glared at him. “Now, bakit parang pamilyar ’ata ’yon?” she hissed.

“Wala na ba talagang pag-asang mag-mature ang gray matter sa pagitan ng mga tainga mo?” Mahina pero matigas ang boses niya. “So what’s the *bet*? Date me? F*ck me? Nagsawa na ba kayo sa mga modelo kaya ngayon, simpleng babae na lang ang target n’yo? Seriously, wala na ba kayong maisip na bago?” Nakatayo na siya bago pa ito makapag-react. “You are one pathetic asshole. Do the world a favor and grow half a brain, please.”

With that, nagmartsa siya palabas ng cafeteria, leaving the shocked Andrew in the seat.

2

“I quit,” pahayag ni Andrew sa dalawa niyang kaibigan sa may rooftop. Alas seis na ng gabi, nag-uwian na ang mga empleyado, sila nina Jason ay nasa rooftop pa para sa kanilang closed door meeting tungkol sa bet nila.

“What? You’re giving up already?” akusa sa kanya ni Jason. “Hindi pa naman talaga niya alam ang tungkol sa pustahan, di ba?”

“Who would want to be with such a lunatic?” aniya habang nakasandal sa railing ng terrace. He looked up at the sky, maraming makakapal na ulap, sigurado siyang malakas ang ulan mamaya.

“I’m not that bored,” aniya. “I like my life peaceful, thank you.”

Pinaikot ni Jason ang mga mata. “Party pooper!”

Pumalatak si Edison. “Hayaan na natin ’yan. Na-shock ’yan. Alam mo na, ngayon lang nabasted nang ganyan katindi. Palibhasa kasi lahat ng bagay nakukuha niya nang mabilis. He doesn’t know hardwork like we do,” pagmamalaki nito.

“Whatever,” he said rolling his eyes. “I’m not that desperate for this bet, she’s not even worth it.” Napailing na lang siya. “Good luck na lang sa inyo,” aniya sa mga kaibigan, “may the force be with you.” Ginaya pa niya ang *Star Wars* sign bago tinungo ang exit.

“Killjoy!” pahabol pa ni Jason pero pumasok sa isang tainga at lumabas lang sa kabila ang mga sinabi nito.

He wanted to have fun with his life, wala siyang balak na gawin iyong komplikado. Sa kagaya ni Elizabeth Carpio, kapag nalaman nitong totoo ang hinala nito tungkol sa pustahan, sigurado siyang all hell would break loose. Muli siyang napailing. He could already imagine the bloody murder—no, he definitely didn’t need that, all he wanted was fun, fun, and fun.

Nang makalabas siya sa fire escape, tinungo niya agad ang elevator. Tamang-tama naman at magsasara na ito nang dumating siya, tumakbo siya para makahabol.

“Wait!” he called out. Narinig siya ng tao sa loob at tinigil ang pagsara nito. Binilisan niya ang takbo. “Thanks—” Naputol ang pagpapasalamat niya nang makita kung sino ang nasa loob. Instantly,

The Bet - Dior Madrigal

naramdaman niya ang homicidal intent ng dalagang nasa loob ng lift.

“Ano ba!” angil ni Elizabeth Carpio. ”Papasok ka ba o hindi?”

Sinabi ng survival instinct niya ‘hell, no!’ but there was something at the way she snapped at him that made him smile tightly at her. Kung kausapin siya nito, para bang siya ang pinakamababang single celled-organism sa buong ecosystem.

“Yes, I’m coming in, thank you,” narinig niyang saad niya, saka pumasok sa lift. She was glaring shamelessly at him pero nanatili lang siyang kalmado at malamig. Namayani ang nakabibinging katahimikan. Bumukas ang elevator at lumabas ang dalaga pero bago tuluyang lumabas, muli siya nitong tinapunan ng tinging magpapangisay sa isang polar bear. He only smiled as coldly in return.

Pagbukas ng lift sa basement parking lot, malalaking hakbang siyang lumabas at tinungo ang kotse. Binuksan niya ang pinto ng kanyang SUV, pumasok at malakas na sinara. Sa kung anong dahilan, natagpuan niya ang sariling mabilis na nagmamaneho palabas ng parking lot, ni hindi niya napansing, umuulan na pala nang malakas at medyo nagbaha na sa kalsada. Huli na bago niya napansing

may nadaanan siyang tao at natalisikan ng baha.

“Sh*t,” mura niya saka nagmaniobra pabalik sa kawawang nilalang na mukhang nag-dive sa mocha cappuccino. Mabilis niyang ibinaba ang bintana ng kotse nang makarating dito. “Sorry, di kita naki....” Naputol ang sasabihin niya sa nakita. Doon sa gilid ng kalsada, nakatayo si Elizabeth Carpio, dripping wet and looking as murderous as ever. Napapikit siya nang mariin.

“Look. What. *You*. Did.” Parang galing sa hukay ang boses nito. “Open the door—”

“I’m sorry,” he said tightly as he opened his eyes. “Hindi ko sinadya—”

“At dahil nag-sorry ka, okay na?” Nginitian siya nito saka sinabing, “Open the *f*cking* door—”

“So you could murder me?” sarcastic na aniya. “Sure.”

“Then what do you suggest I do? Look what you did, you bastard! Sinong taxi ang magpapasakay sa ’kin at pa’no ’ko makakapunta ng *LRT* nang ganito ang hitsura ko? Uulitin ko, open your *freaking* door.”

Humugot siya ng hangin at napamasahe ang

sentido. Patuloy sa pagbuhos ang malakas na ulan at basang-basa na ang dalaga. She would have looked pitiful if not for the ‘killing’ aura. He gritted his teeth saka binuksan ang pinto ng kotse. Marahas na hinila ito ni Elizabeth at walang seremonyas na pumasok at sinalpak ang basang-basang sarili sa passenger seat.

Napahugot siya ng marahas na hangin. That would leave stain, for sure.

“S’an ka nakatira?” matigas niyang tanong. Binuhay na niya muli ang makina at pinaandar ang kotse.

“Sa Fairview,” asik nito.

This time, hindi na niya tinago ang pag-ungol sa inis. Nasa opposite direction kasi ang bahay nila.

Feeling unjustly wronged and righteously angry, napagdesisyunan niyang buksan ang component at itodo ang volume. Makabasag-eardrum na hard rock music ang pumuno sa loob ng kotse. Base sa karanasan niya, ayaw ng mga babae ng rock music, pinapanalangin niyang ganoon din ang kaso kay Elizabeth.

“Turn that off,” parang reynang utos ng dalaga.

“My car, my music,” tangi niyang sagot.

“Music?” Nakakaloko itong tumawa saka tinaasan siya ng kilay. “Music ang tawag mo d’yan? Then, I suppose brown butterfly ang tawag mo sa ipis.”

Nginitian lang niya ito nang matamis. “And you? Ano’ng music para sa ’yo? Britney Spears? Taylor Swift? Beyoncé? Mariah Carrey? Spice Girls? Lady Gaga?” He gave her a condescending glance. “Then I supposed thesis ang tawag mo sa isang three-page essay.”

Nalaglag ang panga nito at sigurado siyang binabalatan siya nito buhay sa isip at mina-marinade sa kalamansi at asin. Natagpuan niya ang sariling ngumingiti nang mas matamis.

“H-how dare you!” Pulang-pula ang mukha nito. “For your information, music in my definition means ‘*Moonlight Sonata*’, ‘*Fifth Symphony*’, ‘*Ninth Symphony*’—but oh!” Natutop nito ang bibig. “I’m sorry, I bet you don’t even know that. Alam mo na, Beethoven? As in Ludwig Van, heard about him?” untag nito habang matalim ang tingin sa kanya.

He felt a vein twitched in his temple, pero nanatili siyang kalmado. Hindi niya ito bibigyan ng satisfaction na makita siyang naiinis. Nagkibit-balikat lang siya.

The Bet - Dior Madrigal

“As a matter of fact, I do.” Kinuha niya ang isang CD sa compartment at pinasok sa component. Nanlaki ang mga mata ng dalaga nang pumailanlan ang intro ng ‘*Ninth Symphony*’.

“Yes, this is ‘*Ninth Symphony*’. Started in 1818 and completed in 1824. The first piece that ever used human voices in a choir, completed by Beethoven when he was already stone-cold deaf. Yes, I know ‘*Ninth Symphony*’.” The shock on her face was priceless, pero mabilis itong nakabawi.

“So what kung alam mo ang ‘*Ninth Symphony*’? I bet hindi mo naman alam ang significance nito.” She was getting pathetically childish, para itong malditang bata na pinagmamalaki sa kalaro na marunong na itong mag-spelling. But in any case, he was not about to back out.

“‘*Ninth Symphony*’ is about acceptance,” sagot niya, not caring kung nagiging childish din siya. Hell, kanina pa siya binabara nito, he was not about to let her win this one again. ” It’s about accepting your misfortunes and moving on with life. ‘Yon ang ginawa ni Beethoven; tinanggap niya na bingi na siya at nagpatuloy sa buhay. That’s what ‘*Ninth Symphony*’ is all about,” mayabang niyang sabi.

“Hah!” She laughed derisively. “S’abi ko na nga

ba, hindi mo alam. For your information, ‘*Ninth Symphony*’ is anything but about acceptance. It’s about fighting your misfortunes. Kahit bingi na si Beethoven hindi siya nagpatalo, hindi niya tinanggap na hindi na niya kayang mag-piano. Engot!” A vein twitched in his temple.

“Wrong, he did not fight his misfortune, he gracefully accepted it and stopped being depressed, ’yon ang dahilan kaya nakagawa siya ng ganyan kagandang musika.”

“Of all the ridiculous analysis,” anitong ayaw rin magpatalo. “‘*Ninth Symphony*’ represents striving for something you can’t have, dahil di siya sumuko at di niya tinanggap na talo na siya kaya nagawa niya ’yan.”

Patuloy silang nagtalo at nag-insultuhan. Kalaunan, mula sa may kalaliman at makabuluhang philosophical analysis ng ‘*Ninth Symphony*’, nag-degenerate ang pagtatalo nila sa mas makamundong bagay gaya ng...

“Shut up, Hobbit! Siguro hindi ka uminom ng gatas n’ong bata ka kaya hindi ka lumaki!”

“Hindi ako pandak, higante ka lang!”

“Old maid!”

“Snotty Brat!”

Nang makarating sila sa bahay ni Elizabeth, mukha silang mga batang masidhing nakipaglaban ng digmaan para sa isang pirasong chocolate candy. Pareho na silang paos at namumula sa galit.

“Get out. ’Wag ka na ulit lalapit sa ’kin.”

“Who would want to? You are nothing but an insufferable, immature brat who thinks he’s so handsome and so great because his parents are rich. Akala mo ang guwapo mo? Akala mo macho ka? News flash: Kahit guwapo ka at macho, hindi ka magtatagal kung mas maraming cells sa pagitan ng hita mo kaysa utak mo!” Nakalabas na ito bago pa siya makapag-retaliate.

“B*tch,” he hissed.

Kahit kailan hindi pa siya nagalit nang ganito. She looked so smug, so triumphant, so almighty that he wanted to scream. God, kahit noong iwan sila ng tatay niya, hindi siya nagalit ng ganito. The feeling was so raw, so pure, so primitive.

“You’d pay for this, you b*tch,” he hissed under his breath habang binubuhay muli ang makina ng kotse. Mabilis niyang kinuha ang cell phone at tinawagan si Jason.

“O, bakit?”

“I’m still in the bet. That girl would kneel in front of me, itaga mo ’yan sa lahat ng bato!” It was a lame metaphor, but he was angry. Iyon lang at pinutol na niya ang tawag.

Maagang pumasok si Andrew nang sumunod na araw. Sa sobrang inis niya kay Elizabeth Carpio ay halos hindi siya nakatulog kagabi, at dahil hindi siya makatulog lalo siyang nainis. At nang lalo siyang nainis, lalo siyang hindi nakatulog. It was a vicious cycle that made him wide-awake until his alarm clock rang. Sa unang pagkakataon sa buong buhay niya, awtomatiko siyang tumayo at hindi nagpatumpik-tumpik nang marinig ang alarm clock. May natagpuan siyang purpose ng buhay ngayon, he would make Elizabeth Carpio pay.

With his newfound purpose in life, he went through the morning with utmost determination. Pagdating sa *Del Torro Corp.*, dumerecho siya sa conference hall ng building. Ngayong araw gaganapin ang meeting para i-brief sila sa project at bagong produkto ng kompanya. Pagbukas niya ng pinto natagpuan niyang naroon na si Elizabeth, nakaupo sa isang side ng conference table at nakaharap sa

laptop nito.

Fueled by anger he had never felt before, lumapit siya rito.

“May I sit here?” aniyang may plastic na ngiti sa labi.

“No, doon ka sa kabila.”

“I was rude and childish yesterday, sorry.”

“Oh, really? You mean lumabas ang tunay mong kulay?” Ni hindi nayanig ang kanyang ngiti sa mga labi, hindi talaga siya magsisisi na paiyakin ang babaeng ito.

“I don’t know why you hate me so much but I really want us to get along,” aniya.

“Sure, sa next life siguro puwede,” maanghang nitong sagot. Dumating ang isang helper kaya hindi na siya sumagot. Dala nito ang LCD projector.

“Good morning, Manong John.”

Bahagyang tumaas ang tingin niya sa dalagang bumati sa helper. Natigilan siya nang makitang nakangiti ito. Nanlaki ang mga mata niya, she was smiling sweetly at the older man, her face glowing in such an angelic manner she actually looked beautiful.

The Bet - Dior Madrigal

He found himself staring intently at her. Tumayo ang dalaga at tinulungan ang helper na i-set up ang LCD.

“Salamat, Hija,” magiliw na anang matanda.

“Welcome,” ngiti ni Elizabeth. Dumating ang ibang miyembro ng Marketing at Research and Development Department. Umalis na si Manong John at bumalik na sa upuan ang dalaga. Still staring intently at Elizabeth, nakita niyang pumunta na ito sa kabilang side para umupo.

Pagkadating doon, piniksi niya ang ulo para tanggalin ang kung anumang sapot na napunta roon nang makita niyang ngumiti ang dalaga.

Nakasimangot na itinaas niya ulit ang tingin para tingnan ito. Nakikipagkuwentuhan ang dalaga sa katabi nito nang dumaan sa likod nito si Arthur, isa sa miyembro ng Research and Development, at masangga nito ang upuan ng dalaga na naging dahilan para matapon kay Elizabeth ang dala nitong umuusok na kape. Sa unang pagkakataon simula kagabi, totoong ngumiti si Andrew Del Torro.

Napasigaw ang dalaga at mabilis na tumayo.

He almost sighed and praised the heavens above.
Karma was sweet!

“Sorry! Sorry! Hindi ko sinasadya!” ani Arthur.

Napailing siya. *Nah-uh*, aniya sa sarili. *Sorry, Dude, pero hindi ’yan uubra sa kanya.* Ang babaeng iyan ang pinakamapaghiganti, pinakamalupit, at pinakamay-sayad na nilalang na nakadaupang-palad niya.

“It’s okay, Arthur, may extra clothes naman ako sa drawer.”

Napabuntong-hininga si Andrew sa sarili. See? Sabi na nga ba niya at sasabog ito na parang—

Natigilan siya nang magrehistro sa utak ang sinabi ni Elizabeth. Lumipad ang tingin niya sa dalaga. Nakangiti ito kay Arthur. It was that angelic smile again!

“I’m really really sorry—”

“Okay lang,” anang dalaga saka tumayo. “Magpapalit lang ako, may ten minutes pa naman bago magsimula.” Pagkatapos, nagmamadaling tinungo nito ang pinto.

Napaawang ang mga labi niya.

What the hell! Gusto niyang sumigaw at magprotesta. Where were the screams? The accusations? The curses? Kung siya ang nasa lugar ni

The Bet - Dior Madrigal

Arthur, sigurado siyang lahat ng magiging apo niya ay pinapila na ng dalaga para sa eternal damnation.

Still seething, natigilan siya pagkatapos ay nanlaki ang mga mata.

“What the hell...” usal niya nang mapagtanto ang isang katotohanan. Sa kanya lang ba ito malupit?

Mabait ito kay Manong John at Arthur at mukhang okay rin ito sa iba. Sa kanya lang ito parang si Medusa at si Hitler na pinagsama. He found himself gritting his teeth, he glared venomously at the door. Tinapunan din niya ng masamang tingin si Arthur. Kumukulo pa rin ang dugo, tinuon niya ang atensyon sa laptop.

Wala pang sampung minuto ay nakabalik na rin si Elizabeth, nginitian nito ang lahat at siya lang ang walang kahiya-hiyang tinapunan ng matalim na tingin.

This time, hindi na siya nagpaka-plastic, he glared at her, too.

“Okay, since we’re all here, let’s start the meeting,” narinig niyang saad ni Sir Leonardo Santos, ang Marketing Head. Still seething, ibinaling niya ang tingin sa nagsasalita.

The Bet - Dior Madrigal

“As you all know, I’ll be retiring before the end of this year. So to choose the next Marketing Head, we decided to give you guys some competition. *Torres Corp.* will be launching its new perfume this fall, the higher ups decided to make it into a competition. Magkakaroon ng dalawang team, you would have to come up with a marketing study about the new type of perfume we would have. Makikipag- coordinate kayo sa Research and Development para doon. Hindi sila kasama sa competition, so rest assured na anumang tanungin n’yo o ibigay na impormasyon sa kanila ay hindi makakarating sa kalaban n’yong team. So we would give you one month to come up with the marketing plan. You would present your proposal, budget and all after that. Kung kaninong proposal ang mapili, ‘yong head ng team na iyon ang papalit sa ‘kin. So ’eto ang dalawang teams that would compete, Andrew Del Torro you would be the head of Team A, Miss Elizabeth Carpio would be your assistant. For Team B, Laurence Asuncion ang head and Olga De Vera ang assistant. You are allowed to do anything necessary for your research under the allowable budget. Are there any questions?”

Nagtaas ng kamay si Elizabeth.

“May I change partners?” walang kaabog-abog nitong tanong. Andrew snorted. Umiling ang

Marketing Head.

“No, Elizabeth, you may not,” anito. “Isa ka sa mga matatagal na sa kompanya, bago pa lang si Andrew at si Olga, hindi sila p’wedeng pagsamahin. You need to help Andrew.”

He smiled coolly at her.

“May iba pa bang tanong?” Wala nang nagtaas ng kamay.

“Okay, this meeting is adjourned.” Nagtayuan na ang lahat at nagsimulang maglakad papunta sa pinto. Nahuli sila ni Elizabeth sa paglabas.

“You’re stuck with me,” bulong niya rito habang may nakakaloko ang ngiti. “Come to my place tonight, may ibibigay akong mga libro para magamit mo sa weekend.” Mabilis siyang lumabas ng pinto bago pa ito makasabat.